8

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Sagutang Papel ng Pagkatuto sa Values Education

Kuwarter 4

Aralin
7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Sagutang Papel ng Pagkatuto sa Values Education 8**
**Kuwarter 4: Aralin 7 (Linggo 7)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Kristine I. Patoc

**Tagasuri:** Noel A. Ybanez

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Values Education 8 | **Kwarter** | Ika-apat |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Pakikilahok ng Pamilya sa mga Gawaing Pangkapayapaan ng Bayan | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain: 1 (EMOTICON-TUGON)**

**II. Mga Layunin:** Matukoy ang damdamin tungkol sa mga isyung may kinalaman sa kapayapaan.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel, panulat

**IV. Panuto:**

Basahin ang pahayag at kulayan ang emoticon na tumutukoy sa iyong damdamin.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. Sinisikap ng pangulo na magkaroon ng *bilateral agreements* upang maiwasan ang tunggalian laban sa Tsina. | ☺ | 😐 | ☹ |
| 2. Wala pa ring katarunang natatamasa ang mga biktima ng *extrajudicial killings* na konektado sa kampanya kontra droga. | ☺ | 😐 | ☹ |
| 3. Isinusulong ng mga lokal na pamahalaan ang mga programa para sa kalusugan at karapatan ng mga bulnerableng kababaihan at kabataan. | ☺ | 😐 | ☹ |
| 4. Nagpapalakas ng kapasidad ang lokal na pamahalaan sa pagtugon sa mga isyu ng kapayapaan at seguridad. | ☺ | 😐 | ☹ |
| 5. Marami pa rin ang napipilitang lumikas dahil sa banta ng terorismo. | ☺ | 😐 | ☹ |
| 6. Napagtitibay na ng mga institusyon ang mga batas laban sa diskriminasyon at pananamantala. | ☺ | 😐 | ☹ |
| 7. Nagsasagawa ang mga paaralan ng kampanya laban sa karahasan. | ☺ | 😐 | ☹ |
| 8. Madalas na pinagbibintangan na rebelde ang mga mamamahayag at aktibista na kritikal sa pamahalaan. | ☺ | 😐 | ☹ |
| 9. Nag-uudyok ang kahirapan at kawalan ng trabaho sa mga indibidwal na umanib sa mga armadong grupo. | ☺ | 😐 | ☹ |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 10. Muling nagkakaroon ng karahasan sa Mindanao kahit may kasunduan na sa BARMM, na nagbabanta sa katiwasayan sa lugar na ito. | ☺ | 😐 | ☹ |

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Values Education | **Kwarter** | Ika-apat |
| **Bilang ng Aralin** | Ikapito | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Pakikilahok ng Pamilya sa mga Gawaing Pangkapayapaan ng Bayan | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain: 2 (PUNAN ANG PATLANG)**
II. **Mga Layunin:** Makilala ang mga konseptong may kinalaman sa pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan ng bayan.
III. **Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel, panulat
IV. **Panuto:** Basahin ang mga pahayag at isulat sa patlang ang titik ng konseptong tinutukoy nito.

| | | |
|---|---|---|
| a. negatibong kapayapaan | b. *interfaith dialogue* | c. positibong kapayapaan |
| d. *community service* | e. pamilya | |

___ 1. Pag-uusap o pagtitipon ng mga pangkat mula sa iba't ibang relihiyon o paniniwala upang magkaroon ng pag-unawaan sa isa't isa.

___ 2. Kapayapaang nilalayong lutasin ang ugat ng hidwaan.

___ 3. Gawain na may kinalaman sa pagtulong o pagbibigay ng serbisyo sa komunidad nang walang kapalit.

___ 4. Binubuo ng mga kasapi na mayroong ugnayan sa isa't isa at nakatira sa isang tahanan.

___ 5. Kapayapaang walang hidwaan o digmaan.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Values Education | **Kwarter** | Ika-apat | |
| **Bilang ng Aralin** | Ikapito | **Petsa** | | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Pakikilahok ng Pamilya sa mga Gawaing Pangkapayapaan ng Bayan | | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | | |

**I. Bilang ng Gawain: 3 (PUNO NG PAMILYA PARA SA KAPAYAPAAN)**

**II. Mga Layunin:** Matukoy ang mga gampanin ng bawat miyembro ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan ng bayan.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel, panulat

**IV. Panuto:**
Ilagay ang pangalan ng mga miyembro ng iyong pamilya sa bawat kahon. Ilista ang kanilang gampanin sa loob ng tahanan at mga karampatang paraan upang makapag-ambag sila sa gawaing pangkapayapaan ng bayan.



**PUNO NG PAMILYA PARA SA KAPAYAPAAN**

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Values Education | **Kwarter** | Ika-apat | |
| **Bilang ng Aralin** | Ikapito | **Petsa** | | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Pakikilahok ng Pamilya sa mga Gawaing Pangkapayapaan ng Bayan | | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | | |

**I. Bilang ng Gawain: 4 (VISION BOARD)**

**II. Mga Layunin:** Mailarawan ang nagkakaisa at matiwasay na bayan.

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel, panulat, mga lumang magasin, pahayagan, at iba pang print media, gunting, pandikit, at mga pangkulay (krayola, *marker*, pintura, atbp.), dekorasyon tulad ng *stickers*, *glitters*, at iba pang pampaganda at mga larawan o imahe mula sa *internet* (opsyonal)

**IV. Panuto:**

- Mag-isip ng mga katangian ng isang nagkakaisa at matiwasay na bayan at ilista ang mga simbolo, larawan, at salita na nagpapakita ng mga katangiang ito.
- Maghanap sa mga magasin at pahayagan ng mga larawan at salita na naglalarawan ng iyong vision ng nagkakaisa at matiwasay na bayan. G
- upitin ang mga ito nang maayos, isaayos at idikit sa iyong vision board.
- Gumamit ng mga pangkulay at dekorasyon upang gawing mas maganda at makulay ang iyong *vision board.*

**VISION BOARD**

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Values Education | **Kwarter** | Ika-apat |
| **Bilang ng Aralin** | Ikapito | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Pakikilahok ng Pamilya sa mga Gawaing Pangkapayapaan ng Bayan | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

I. **Bilang ng Gawain: 5 (*MISSION BOARD*)**

II. **Mga Layunin:** Matukoy ang mga paraan na nagpamamalas ng pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan upang makamit ang nagkakaisa at matiwasay na bayan.

III. **Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel, panulat, mga lumang magasin, pahayagan, at iba pang print media, gunting, pandikit, at mga pangkulay (krayola, marker, pintura, atbp.), dekorasyon tulad ng stickers, glitters, at iba pang pampaganda at mga larawan o imahe mula sa internet (opsyonal)

IV. **Panuto:**

- Mag-isip ng mga mga paraan na nagpamamalas ng pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan tungo sa nagkakaisa at matiwasay na bayan.
- Ilista ang mga simbolo, larawan, at salita na nagpapakita nito.
- Maghanap sa mga magasin at pahayagan ng mga larawan at salita na naglalarawan ng iyong vision ng nagkakaisa at matiwasay na bayan.
- Gupitin ang mga ito nang maayos, isaayos at idikit sa iyong *vision board.*
- Gumamit ng mga pangkulay at dekorasyon upang gawing mas maganda at makulay ang iyong *mission board.*

V. **Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Ang bawat indibidwal, mag-aaral, at miyembro ng pamilya ay may pananagutan sa kapuwa, kaya't mahalaga ang tamang pamamahala ng ugnayan para sa kapakanan ng lahat. Ang aktibong pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan ay susi sa pagkakaisa at pagbuo ng mas maayos at makatarungang lipunan.

**MISSION BOARD**

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Values Education | **Kwarter** | Ika-apat | |
| **Bilang ng Aralin** | Ikapito | **Petsa** | | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Pakikilahok ng Pamilya sa mga Gawaing Pangkapayapaan ng Bayan | | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | | |

I. **Bilang ng Gawain: 6 (PAGBUO NG AKROSTIK)**
II. **Mga Layunin:** Matukoy ang mga paraan na nagpamamalas ng pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan upang makamit ang nagkakaisa at matiwasay na bayan.
III. **Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel, panulat
IV. **Panuto:**
Sumulat ng maikling tula hinggil sa pagkamit ng kapayapaan at katiwasayan ng bayan ng mga pamilya na nagsisimula sa bawat titik ng salitang "PAYAPA".

P

A

Y

A

P

A

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Values Education | **Kwarter** | Ika-apat |
| **Bilang ng Aralin** | Ikapito | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Pakikilahok ng Pamilya sa mga Gawaing Pangkapayapaan ng Bayan | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain: 7 (TATLONG N's)**

**II. Mga Layunin:**
- Masiyasat ang pang-unawa sa aralin
- Matukoy ang damdamin o pagpapahalagang napukaw ng aralin]
- Matukoy ang mga konseptong nangangailangan ng pagpapalalim

**III. Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel, panulat

**IV. Panuto:**
Kumpletuhin ang talahayanan.

| Natutuhan ko | Nararamdaman ko | Nagtataka ako |
|---|---|---|
| Ano-anong impormasyon o katotohanan ang natutunan ko? | Anong mga damdamin ang napukaw ng araling ito? | Anong mga katanungan ang mayroon ako o ano pa ang gusto kong malaman? |
| | | |

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Values Education | **Kwarter** | Ika-apat | |
| **Bilang ng Aralin** | Ikapito | **Petsa** | | |
| **Pamagat ng Aralin / Paksa** | Pakikilahok ng Pamilya sa mga Gawaing Pangkapayapaan ng Bayan | | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | | |

I. **Bilang ng Gawain: 8 (*CLAIM-EVIDENCE-REASONING*)**

II. **Mga Layunin:** Mapatunayan na ang pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan ay nakatutulong sa pagpapanatili ng pagtutulungan, pagkakaisa at katiwasayan ng bayan.

III. **Mga Kailangang Materyales:** Sagutang papel, panulat

IV. **Panuto:**

- Sagutin ang tanong na **"Paano nakakatulong ang pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan sa pagpapanatili ng pagtutulungan, pagkakaisa, at katiwasayan ng bayan?"**
- ***Claim*** **(Pahayag):** Isulat ang iyong sagot sa isang pangungusap.
- ***Evidence*** **(Ebidensya):** Magbigay ng tatlo hanggang limang halimbawa o ebidensya na sumusuporta sa iyong pahayag. Maaaring ito ay mula sa mga aktwal na karanasan, obserbasyon, mga nabasang artikulo, o iba pang pinagkakatiwalaang mapagkukunan.
- ***Reasoning*** **(Pangangatwiran):** Ipaliwanag kung paano ang bawat halimbawa o ebidensya ay nagpapakita ng pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan at paano ito nakakatulong sa pagtutulungan, pagkakaisa, at katiwasayan ng bayan. Iugnay ang iyong ebidensya sa iyong pahayag upang maipakita ang lohikal na koneksyon sa pagitan ng mga ito.

**Paano nakakatulong ang pakikilahok ng pamilya sa mga gawaing pangkapayapaan sa pagpapanatili ng pagtutulungan, pagkakaisa, at katiwasayan ng bayan?**

**Rubrik para sa Claim-Evidence-Reasoning**

| Kategorya | Napakahusay (4) | Mahusay (3) | Katamtaman (2) | Nangangailangan ng Pagsasanay (1) |
|---|---|---|---|---|
| **Pahayag (*Claim*)** | Nagbigay ng malinaw, tiyak, kumpleto at wastong sagot. | Nagbigay ng tiyak, kumpleto at wastong sagot ngunit may mga ginamit na salitang hindi angkop. | Nagbigay ng tiyak at wastong sagot ngunit may mga ginamit na salitang hindi angkop at may kakulangan sa ideya. | Nagbigay ng maling sagot o walang binigay na sagot. |
| **Ebidensya (*Evidence*)** | Nagbigay ng 3-5 konkretong halimbawa na lubos na sumusuporta sa pahayag. | Nagbigay ng 2-4 na halimbawa na sumusuporta sa pahayag. | Nagbigay ng isang halimbawa na bahagyang sumusuporta sa pahayag. | Walang ebidensiyang isinama. |
| **Pangangatwiran (*Reasoning*)** | Malinaw at lohikal ang pagpapaliwanag kung paano nauugnay ang ebidensya sa pahayag. Mahusay ang paggamit ng detalye upang ipakita ang ugnayan. | Lohikal ang pagpapaliwanag kung paano nauugnay ang ebidensya sa pahayag. Sapat lamang ang detalye upang ipakita ang ugnayan. | Bahagyang lohikal na pagpapaliwanag kung paano nauugnay ang ebidensya sa pahayag. Kulang ang detalye. | Hindi malinaw at lohikal ang pagpapaliwanag kung paano nauugnay ang ebidensya sa pahayag. Kulang ang detalye. |
| **Organisasyon at Istruktura** | Mahusay ang pagkakasunod-sunod at madaling sundan ang pahayag, ebidensya, at pangangatwiran. | Maayos ang pagkakasunod-sunod at madaling sundan ang pahayag, ebidensya, at pangangatwiran ngunit kaunting aspeto na nangangailangan ng pagsasayos. | May daloy ng ideya ngunit maraming aspeto ang nangangailangan ng pagsasayos. | Walang maayos na daloy ng mga ideya. Mahirap sundan ang pahayag, ebidensya, at pangangatwiran. |
| **Wika** | Wasto ang paggamit ng wika. Walang pagkakamali sa pagsulat. | Wastong ang paggamit ng wika. Kaunti lamang ang pagkakamali sa pagsulat. | May ilang pagkakamali sa paggamit ng wika na hindi gaanong nakaaapekto sa kabuuan. | Maraming pagkakamali sa paggamit ng wika na nakaaapekto sa kabuuan. |